SENATE
OFFICE OF THE SECRETARY

5 FEB 16 P2:01

RECEIVED BY: _____

IKALABINGTATLONG KONGRESO NG REPUBLIKA )
NG PILIPINAS )
Unang Regular na Sesyon

SENADO
P.S. Res. No. 187

Ipinanukala ni KGG. MANUEL "LITO" M. LAPID

**RESOLUSYONG**
**NAGTATADHANANG GAMITIN BILANG PATNUBAY SA MGA OPISYAL NA TALAKAYAN NG SENADO AND SALIN SA FILIPINO NG RULES OF THE SENATE**

SAPAGKAT, itinatadhana ng Artikulong XIV ng Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas ang mga sumusunod:

> "SEK. 6. Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilinang ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika.
>
> Alinsunod sa mga tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaring ipasya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon.
>
> SEK. 7. Ukol sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at hangga't walang ibang itinadhana ang batas, Ingles";

SAPAGKAT, ang Senado ay isang napakahalagang pampublikong institusyon ng pakikipagtalastasan, pamamahala at paglilingkod;

SAPAGKAT, ang Rules of the Senate, simula ng ito ay unang mapagtibay sa ilalim ng kasalukuyang saligang batas noong ika-27 ng Hulyo 1987, ay opisyal na nilimbag at sinulat sa wikang Ingles;

SAPAGKAT, ang wikang Filipino bilang pambansang wika at isa sa mga opisyal na wika ng bansa ay nararapat gamitin bilang wika ng alituntunin na gagabay sa institusyong Senado;

SAPAGKAT, ang wikang Filipino ay may kakayahang magamit sa mahahalagang larangan tulad ng pamahalaan partikular ang Senado na nagsasagawa ng mga diskursong intelektwal;

SAPAGKAT, maging ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas ay nag-aatas na ito ay ipahayag sa wikang Filipino at Ingles, dahil dito, ang Rules of the Senate ay isinalin sa wikang Filipino ng Komisyon ng Wikang Filipino sa mungkahi ng may-akda ng Resolusyong ito;

NGAYON, SAMAKATUWID, PINAGTITIBAY ng Senado, gaya ng pinagtitibay ngayon, na gamiting patnubay nito sa pagtatalakayan ang salin sa wikang Filipino ng Rules of the Senate.

PINAGTITIBAY RIN, ang pagbuo ng isang komiteng adhoc sa loob ng animnapung (60) araw na siyang mangangasiwa sa implementasyon ng Resolusyong ito.

PINAGTIBAY,

**MANUEL "LITO" M. LAPID**